


6

Araling Panlipunan

Ikatlong Markahan-Modyul 6:

**Pagtatangol ng mga Pilipino
sa Pambansang Interes**



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Araling Panlipunan- Ikaanim na Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikatlong Markahan – Module 6: Pagtatanggol ng mga Pilipino sa Pambansang Interes First Edition, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Ruth Ann D. Monterroyo	
Tagaguhit:	Jaypee E. Santillan, Jessa P. Remata	
Editor:	Joy B. Fernandez, Rizza Mae E. Flores, Ma. Analyn T. Villamor	
Tagasuri:	Jordan T. Beleganio, Marlon C. Dublin, Bella P. Balandra	
Tagalapat:	Mayo P. Villamor, Analee B. Alingco, Florendo S. Galang	
Tagapamahala:	Ma. Gemma M. Ledesma	Josilyn S. Solana
	Elena P. Gonzaga	Arlene G. Bermejo
	Jerry A. Oquendo	Nenita P. Gamao
	Donald T. Genine	Jordan T. Beleganio
	Marlon C. Dublin	

Printed in the Philippines by _____
Department of Education – Region VI- Western Visayas

Office Address: Schools Division of Sagay City
Quezon St., Brgy Poblacion 1, Sagay City, Neg. Occ, 6122

Telefax: (034) 488-0415; 488-0416

E-mail Address: sagay.city001@deped.gov.ph

6

Araling Panlipunan

Ikatlong Markahan – Modyul 6:

**Pagtatangol ng mga Pilipino
sa Pambansang Interes**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Kalayaan. Maraming buhay ang nabuwis at dugong dumanak para lamang ito ay makamtan. Bakit kaya mahalaga ang kalayaan ng isang bansa? Gaano nga ba ito nakakaapekto sa ating buong pagkatao at sariling pagkakakilanlan? Kaya mo din bang gawin ang lahat ng iyong makakaya upang pangalagaan ang ating kalayaan?

Sa aralin na ito, ay uunawain natin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng soberanya sa pagpapanatili ng kalayaan ng isang bansa.

Bibigyang konklusyon rin natin na ang isang bansang malaya ay may soberanya.

Gayunman ay ipapaliwanag natin at bibigyang halaga ang panloob na soberanya (internal sovereignty) ng bansa at panlabas na soberanya (external sovereignty) ng bansa at ang mga karapatang tinatamasa ng isang malayang bansa.

Tatalakayin din natin ang pagtatanggol ng mga mamamayan sa Kalayaan at hangganan ng teritoryo ng bansa.

Ang modyul na ito ay binubuo ng mga sumsuonod na aralin

- Aralin 1 Pagtatanggol ng mga Pilipino sa Pambansang Interes
- Aralin 2 Pagtatanggol ng mga Mamamayan sa Kalayaan at Hangganan ng Teritoryo ng Bansa.

Handa ka na ba?

Halika ka na, magsimula na tayo!



Subukin

Unang Bahagi

Panuto: Pagtambalin ang Hanay A sa Hanay B. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

A

1. soberanya
2. panloob soberanyang
3. panlabas soberanyang
4. karapatan sa kalayaan
5. karapatan sa pantay na prebilihiyo
6. karapatan sa saklaw na kapangyarihan
7. karapatan sa pagmamay-ari
8. karapatan sa pakikipag-ugnayan
9. Sandatahang Lakas ng Pilipinas (AFP)
10. diplomat o konsul

B

- A.** Pambansang kinatawan sa ibang bansa
- B.** Malayang pakikipag-ugnayan sa ibang bansa.
- C.** Pag aari o pag aangkin ng lahat ng ariarian at bagay bagay na nasa kanyang teritoryo
- D.** Paggawa ng estado ng batas at kautusan at pagpapatupad nito sa nasasakupan.
- E.** Bawat estado ay may pantay na karapatan, tungkulin at prebilihiyo.
- F.** Pangangasiwa ng estado sa sarili, pang ekonomiya, panlipunan o pampolitika.
- G.** May tungkuling tiyakin ang ganap na kapangyarihan ng estado at integridad ng bansang teritoryo.
- H.** Ang sukdulan o pinakamataas na kapangyarihan ng estado o bansang magutos at pasunurin ang mga tao.
- I.** Tumutukoy sa kalayaan ng estadong itaguyod at sundin ang gawain nito na hindi pinakikialaman ng ibang bansa.
- J.** Tumutukoy sa kapangyarihan ng estadong magpasunod sa lahat ng teritoryong nasasakupan nito.

Ikalawang Bahagi

Panuto: Hanapin ang mga salitang hindi nabibilang sa pangkat. Isulat sa papel ang tamang sagot.

A	B	C	D	E
Ginto	Mahogany	Kabibe	Isla ng Boracay	Kalabaw
Marmol	Sampaguita	Korales	Chocolate hills	Kambing
Pilak	Ilang-Ilang	Abaka	Palawan Underground River	Manok
narra	Orkidyas	perlas	Manila	baka

Aralin

1

Pagtatangol ng mga Pilipino sa Pambansang Interes

Upang makatulong tayo sa pag-unlad ng ating bansa kailangan nating maging aktibo sa pakikilahok sa iba't-ibang gawain na magpapaunlad sa ating bansa. Kailangan rin nating alamin ang ating mga karapatan at kapangyarihan upang mapangalagaan ang pambansang interes ng bansa.

Tara na, ating balikan at tuklasin ito!



Balikan

Panuto: Isulat ang buong pangalan ng mga pangulo na nasa larawan at isulat sa iyong sagutang papel.

1



4



2



5



3



6





Tuklasin

Panuto: Basahin at pag aralan ang tula. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

SOBERANYA

Ni: Ruth Ann D. Monterroyo

Soberanya ang tawag, sa kalayaang di huwad
Ito ang pinakatatangi, nang bayang minimithi
Soberanya ang bukod tanging
bumubuo Sa pagkatao at buhay ng
bawat Pilipino.

Soberanyang panloob ang tawag,
Sa kapangyarihang taglay nito
na magpasunod ng utos sa teritoryo
upang maging payapa, mga sinasakupan nito

Soberanyang panlabas ang siyang bigkas
Sa kakayahang magtaguyod ng mga gawain
Na hindi pinapakikialaman ng ibang bansa
Mahahalagang desisyon at pamamalakad natin.

*Ano ang mensahe ng tula?

*Ano ang pinagkaiba ng soberanyang panloob at panlabas?



Suriin

Soberanya ang tawag sa pinakamataas na kapangyarihan ng estado na mag-utos at pasunurin ang mga nasasakupan nito. Mayroong dalawang uri ang soberanya, ito ay ang panloob na soberanya at panlabas na soberanya.

Ang Panloob na Soberanya ay tumutukoy sa kapangyarihan ng estadong magpasunod sa lahat ng teritoryong nasasakupan nito.

Ang Panlabas na Soberanya ay tumutukoy sa kalayaan ng estadong itaguyod at sundin ang gawain nito na hindi pinakikialaman ng ibang bansa.

Ang bawat bansa ay may kapangyarihang magsarili. Ito ay kapangyarihang pamahalaan ang bansa na malaya mula sa panghihimasok ng mga dayuhan. Ibig sabihin, ang kapangyarihang pampamahalaan ay nasa kamay ng mga mamamayan nito. Napasailalim sa kamay ng taong bayan ang karapatang pumili ng mga pinuno ng bansa sa pamamagitan ng isang halalan. Ang mga piniling mamuno ang siyang magpapatupad ng batas at magsasagawa ng mga kautusan para sa maayos na pamumuhayng mga Pilipino.

Isa pang kapangyarihan ng bansa ay ang kapangyarihang makapagsarili. Sa pamamagitan ng kapangyarihang ito, malayang naipatatupad ng bansa ang mga layunin at mithiin para sa kabutihan at kaunlaran ng mga mamamayan at ng Pilipinas. Ilan sa mga tungkulin ng bansa ay ang lutasin ang mga suliranin at kaguluhan sa bansa ng hindi pinapakialaman ng ibang bansa.

Mayroon rin itong patakarang panlabas upang mapanatili ang mabuting pakikipag-ugnayan sa ibang bansa. Naisasakatuparan ito sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga sugo/embahada sa ibang bansa.

Karapatang Magsarili

Sa pagiging malaya ng Pilipinas, may karapatan itong lutasin ang mga sigalot sa loob ng bansa na walang anumang impluwensiya ng alinmang bansa.

Karapatang Mamahala sa Nasasakupan

May mga batas na ipinatatupad hinggil sa pamamahala sa teritoryo at mga mamamayan nito. Tanging Pilipinas lamang ang magpapasya tungkol sa paglinang ng mga likas na yaman at mga pakinabang nito. Karapatan ng Pilipinas na pangalagaan ang mga karapatan ng mga Pilipino nasa loob man o labas ng bansa ang mga ito.

Karapatang Magkaroon ng mga Ari-arian

Karapatan ng bansa na mag-angkin ng mga ari-arian gaya ng likas na yaman, gusaling pambayan, mga embahada, paliparan, daungan at iba pa. Karapatan din ng bansa na bilhin ang pribadong ari-arian na pakikinabangan ng publiko sa tamang halaga na naaayon sa batas.

Karapatan sa Pantay na Pagkilala

Kasapi ang Pilipinas ng Samahan ng Nagkaisang Bansa (United Nations). Maaaring isumite ng Pilipinas ang anumang suliranin at mga pangangailangan sa samahang ito. Maraming Pilipino ang nanilbihan dito kabilang na si Carlos P. Romulo na nahalal noong 1949 bilang Secretary General. Sa pagtatag ng Samahan ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya o Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) noong Agosto 8, 1967, isa ang Pilipinas sa pangunahing kasapi nito. Layunin ng samahang ito na patatagin at paunlarin ang kabuhayan, kultura at gawaing panlipunan ng mga bansang kasapi nito.

Karapatang Makipag-ugnayan

Bilang kasaping bansa ng samahang pandaigdig at panrehiyon, karapatan nito na magpadala ng kinatawan sa ibang bansa at tumanggap ng embahada ng ibang bansa. Nagpapadala ng mga ambassador ang Pilipinas sa ibang bansa at tumatanggap din ito ng mga ambassador mula sa ibang bansa na may magandang hangarin. Ang pakikipag-ugnayan nito ay nakasentro sa larangan ng ekonomiya, pulitika at panlipunan.

Karapatang Ipagtanggol ang Kalayaan

Nakatakda sa Saligang Batas na ang isang mamamayang Pilipino na nasa tamang edad, babae man o lalaki ay inaasahang maglingkod military, personal man o sibil sakaling maharap sa panganib ang bansa. Nakatalaga sa Sandatahang Lakas ng Pilipinas na pangalagaan at ipagtanggol ang bansa laban sa banta ng anumang pagsalakay o terorismo.

Hukbong Panlupa o Pangkatihan (Philippine Army o PA)

Tungkulin nitong ipagtanggol ang bansa laban sa anumang paglusob at labanan. Tumutulong din sila sa mga gawaing medikal, edukasyon at pangkabuhayan.

Hukbong Panghimpapawid (Philippine Airforce o PA)

Binabantayan nito ang himpapawid na sakop ng Pilipinas. Gamit ang kanilang radar tinitiyak nito ang mga sasakyang panghimpapawid na pumapasok sa bansa.


Hukbong Pandagat (Philippine Navy o PN)

Nagbantayan sa mga bahaging tubig ng bansa. Binabantayan ang mga baybayin nito na ligtas sa anumang panganib. Sinusunod nito ang mga batas at patakaran ukol sa Doktrinang Pangkapuluan at Batas sa Dagat.



Pagyamanin

Panuto: Ipaliwanag ang kahulugan ng soberanya. Sa pamamagitan ng pagkumpleto ng *tree diagram*. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel.





Isaisip

Ang soberanya ay tawag sa pinakamataas na kapangyarihan ng estado na mag-utos at pasunurin ang mga nasasakupan nito.

May dalawang uri ng soberanya. Ito ay ang panloob soberanya at panlabas soberanya.

Ang panloob soberanya ay tumutukoy sa kapangyarihan ng estado sa loob ng bansa na mapasunod ang mga nasasakupan nito.





Ang panlabas soberanya ay tumutukoy naman sa kapangyarihan ng bansa na itaguyod ang mga gawain nito na hindi pinakikialaman ng ibang bansa.

May mga kaakibat na karapatan ang isang bansang malaya. Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod: karapatan sa pagsasarili, karapatan sa pantay na pagkakilala, karapatan sa saklaw na kapangyarihan, karapatang mag angkin ng ari-arian, karapatan sa pakikipag-ugnayan at karapatang ipagtanggol ang Kalayaan.



Isagawa

Gumuhit ng mga larawang nagpapakita kung ipinagtatanggol ng ating pamahalaan ang ating Pambansang Interes. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel at gamitin ang rubrics bilang gabay sa gawain.



PAMANTAYAN	NAPAKAHUSAY 12-15 PUNTOS	MAHUSAY 8-11 PUNTOS	KAILANGAN PANG MAGSANAY 5-7 PUNTOS
PAGLALAHAD	Malinaw na nailahad ang mensahe.	Hindi gaanong malinaw ang mensahe.	Malabo ang mensahe.
KAWASTUAN	Wasto ang detalye ng mensahe.	May isa o dalawang mali ang detalye ng mensahe.	Mali ang mensahe.
KOMPLETO	Kompleto ang detalye ng mensahe.	May kulang sa detalye ng mensahe.	Maraming kulang sa detalye ng mensahe.
PAGKAKAGAWA	Napakamasining ng pagkakagawa.	Masining ang pagkakagawa.	Magulo ang pagkakagawa.
HIKAYAT	Lubhang nakahihikayat ang mensahe.	Nakahihikayat ang mensahe.	Hindi nakakahikayat ang mensahe.



Tayahin

Panuto: Kilalanin ang mga sumusunod na karapatan ng isang bansang malaya. Piliin ang inyong sagot sa loob ng kahon at isulat sa sagutang papel.


- a. karapatan sa pagsasarili
- b. karapatan sa pantay na pagkilala
- c. karapatang mamahala
- d. karapatang mag-angkin ng ari-arian
- e. karapatan sa pakikipag-ugnayan
- f. karapatang ipagtanggol ang kalayaan

1. Nagpapadala ang Pilipinas ng sugo, kinatawan o embahador sa ibang bansa.
2. Ang Pilipinas ay nakikilahok sa pagbibigay-pasya sa isang isyu sa Samahang ng Bansang nagkakaisa
3. May karapatan ang Pilipinas na atasan na magkaloob ng personal na paglilingkod na militar o sibil ang mga mamamayan nito
4. Ang mga gusaling pambayan tulad ng paaralan, kampo at kutang militar at embahada ang pag-aari ng bansa
5. Ang Pilipinas ay di-maaaring panghimasukan o pakialaman ng ibang bansa!



Karagdagang Gawain

Punan ang concept map. Isa-isahin ang mga karapatang tinatamasa nang isang bansang malaya. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel.



Aralin

2

Pagtatangol ng mga Mamamayan sa Kalayaan at Hangganan ng Teritoryo ng Bansa

Bawat tao ay naghahangad ng isang tahimik at ligtas na bansa. Tungkulin ng bawat isa sa atin na bantayan at pangalagaan ang ating kalayaan. Makakamit lamang ito kung ang bawat Pilipino ay may pagtutulungan at pagkakaisa. Sa Araling ito ay iyong matutunghayan ang mga dapat gawin ng isang mamamayan sa pagtatanggol ng ng kalayaan at hangganan ng teritoryo ng bansa.



Balikan

Panuto: Basahin ang mga sumusunod na sitwasyon. Piliin ang uri ng karapatan na tinutukoy sa bawat bilang. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ang Pilipinas ay nagpapadala ng mga kinatawan sa UN at nagkakaroon ng boses sa pagpapasya sa mahahalagang isyu na nilulutas ng samahan
 - A. Karapatan sa Pantay na Pagkilala
 - B. Karapatang Magsarili
 - C. Karapatang Ipagtanggol ang Kalayaan
 - D. Karapatang Makipag-ugnayan
2. Nakasaad sa Saligang Batas na sa panahon na nasa panganib ang bansa ang sinumang mamamayang Pilipino na nasa tamang edad babae man o lalaki ay maaaring maglingkod personal, militar man o sibil.
 - A. Karapatang Mamahala sa Nasasakupan
 - B. Karapatang Ipagtanggol ang Kalayaan
 - C. Karapatang Mag-angkin ng Ari-arian
 - D. Karapatang Malipag-ugnayan


3. Karapatan ng Pilipinas ang magpadala ng ambassador sa ibang bansa at tanggapin ang sinumang ambassador na ipapadala ng ibang bansa na may mabuting hangarin.
 - A. Karapatan sa Pantay na Pagkilala
 - B. Karapatang Mamahala sa Nasasakupan
 - C. Karapatang Ipagtanggol ang Kalayaan
 - D. Karapatang Makipag-ugnayan

4. Karapatan ng Pilipinas na ipatupad ang mga batas ukol sa pangangalaga sa teritoryo, mamamayan at mga ari-arian nito.
 - A. Karapatang Mamahala sa Nasasakupan
 - B. Karapatang Makapagsarili
 - C. Karapatang Mag-angkin ng Ari-arian
 - D. Karapatang Ipagtanggol ang Kalayaan

5. Ang banta ng terorismo at droga ay ilan sa mga suliraning hinaharap ng bansa. Karapatan ng Pilipinas na gumawa at magpatupad ng mga batas upang sugpuin ang mga ito.
 - A. Karapatang Mamahala sa Nasasakupan
 - B. Karapatang Ipagtanggol ang kalayaan
 - C. Karapatang Makapagsarili
 - D. Karapatang Makipag-ugnayan



Tuklasin



Ano ang nakikita mo sa larawan?

Makatutulong ba ito sa pagpapaunlad ng isang bansa?

Bilang isang mamamayan, paano mo pangangalagaan ang mga likas na yaman at iba pang pag-aari ng ating bansa na nakapaloob sa ating pambansang teritoryo?



Suriin

Panuto: Basahin ang mga kaisipan sa ibaba. Piliin sa loob ng kahon ang tamang sagot. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

Department of Environment and natural Resources (DENR)
Department of Interior and Local Government (DILG)
Department of Foreign Affairs (DFA)
Department of National Defense (DND)
Department of Justice (DOJ)

- _____ 1. Naglalayong pangalagaan ang katahimikan sa loob ng bansa.
- _____ 2. Naglalayong ipagtanggol ang bansa laban sa nanggugulo at dayuhang terorista.
- _____ 3. Nangangalaga sa kapaligiran at likas na yaman.
- _____ 4. Nagsisiyasat sa mga dokumento ng isang dayuhan kung papayagan ang mga ito na pumarito o manirahan sa bansa.
- _____ 5. Naglalayong ipatupad ang batas at ibigay ang hustisya sa dapat makakamit nito.



Pagyamanin


Malaking pakinabang sa mga Pilipino ang inaangking teritoryo ng bansa. Taglay nito ang saganang likas na yaman.



Ang Pilipinas ay nabiyayaan ng masaganang likas na yaman. Isa na rito ay ang yamang dagat. Kahit saang dako ng bansa matatagpuan ang sari-saring isda, kabibe at iba pang lamang dagat.



Sa kabilang dako, dinarayo rin ang ating bansa ng mga turista dahil sa taglay nitong magagandang tanawin gaya ng Isla ng Boracay, Underground River ng Palawan, Bulkan ng Mayon sa Albay, Chocolate Hills ng Bohol at marami pang iba.



Maraming mineral din ang makikita sa ating bansa, mineral na metal, mineral na di-metal at mineral na panggatong. Kabilang sa mineral na metal ay ang tanso, nikel, bakal at ginto. Ang di- metal naman ay ang apog, mga sangkap ng semento, marmol at silica. May deposito din ng langis sa bansa na matatagpuan sa Palawan. Sa Pilipinas matatagpuan ang pinakamalaking deposito ng chromite at nickel. Isa sa pinagkukunan ng kita ng pamahalaan ay ang pagmimina. Laging tandaan na ang yamang mineral ay nauubos at di napapalitan kaya gamitin ito ng wasto at tama.



Mayaman din ang ating kalupaan. Iba't ibang halamang bulaklak, at mga punong-kahoy ang tumutubo rito gaya ng narra, lawan, tanguile, mayapis, yakal, apitong at mahogany na ginagamit natin sa paggawa ng bahay, kasangkapan at iba pang gamit.

Pagtatangol sa Hangganan ng Teritoryo ng ating Bansa

Nakasaad sa 1987 Saligang Batas, Artikulo II, Seksiyon 4 na “Ang pagtatanggol sa estado ay pangunahing tungkulin ng pamahalaan at sambayanang Pilipino. Maaaring utusan ng batas ang lahat ng mamamayan na magkaloob ng personal na serbisyo o sibil.”

Gayundin, mababasa sa Artikulo II, Seksiyon 3 ng Saligang Batas ng 1987, itinatag ang Hukbong Sandatahan ng Pilipinas upang panatilihing malaya ang bansa sa panloob at panlabas na panganib. Ito ay binubuo ng:



Hukbong Panlupa o Pangkatihan (Philippine Army o PA)

Tungkulin nitong ipagtanggol ang bansa laban sa anumang paglusob at labanan. Tumutulong din sila sa mga gawaing medikal, edukasyon at pangkabuhayan.



Hukbong Panghimpapawid (Philippine Airforce o PA)

Binabantayan nito ang himpapawid na sakop ng Pilipinas. Gamit ang kanilang radar tinitiyak nito ang mga sasakyang panghimpapawid na pumapasok sa bansa.



Hukbong Pandagat (Philippine Navy o PN)

Nagbabantay sa mga bahaging tubig ng bansa. Binabantayan ang mga baybayin nito na ligtas sa anumang panganib. Sinusunod nito ang mga batas at patakaran ukol sa Doktrinang Pangkapuluan at Batas sa Dagat.


Iba pang Ahensiya ng Pamahalaan



Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal (Department of Interior and Local Government o DILG)

Ang ahensyang ito ang nagpapanatili ng kapayapaan, kaayusan at kaligtasan ng mga mamamayan.

Nasa ilalim nito ang Pambansang Pulisya ng Pilipinas.



Pambansang Pulisya ng Pilipinas (Philippine National Police o PNP)

Tungkulin nitong panatilihin ang katahimikan at kaayusan sa loob ng bansa. Kabilang din sa gawain nila ang pagbibigay tulong sa panahon ng kalamidad gaya ng bagyo, sunog, pagputok ng bulkan at iba pa.



Kagawaran ng Ugnayang Panlabas (Department of Foreign Affairs o DFA)

Tungkulin ng ahensiyang ito ang makipag-ugnayan sa ibang bansa upang masiguro ang kaligtasan ng ating teritoryo, ang ating kapangyarihan bilang bansa, at karapatang pambansa.



Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman (Department of Environment and Natural Resources DENR)

“Ang ahensyang ito ang nangangasiwa, nangangalaga at nag-iingat sa ating likas na yaman. Gawain nitong bantayan ang kagubatan, Nagpapatupad ng mga programa para sa pangangalaga ng kapaligiran, pangangasiwa sa industriya ng pagmimina, mga isda at yamang-dagat at mga hayop na maaari nang maubos.



Kagawaran ng Hustisya (Department of Justice)

Ito ang ahensiyang sanggunian sa mga usapin tungkol sa batas at siya ring tagapagsakdal. Saklaw din nito ang pagtanggap, pamamahala at paglagi ng mga dayuhan sa bansa.

Layunin ng ahensya na ipagtatanggol ang teritoryo ng bansa. Ito ay maaaring gawin sa pamamagitan ng diplomasya o pag-uusap o kaya’y sa armas o pakikidigma. Ngunit hanggat maaari ay maiwasan ang huli upang di na maulit ang malagim na pangyayari sa nakaraang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang pangangalaga sa teritoryo ng bansa ay mahalaga upang di tayo masakop ng mga dayuhan at higit nating mapakinabangan ang ating likas na yaman. Ang pagsunod sa mga batas para sa katahimikan at pangangalaga sa likas na yaman ay isa ring paraan ng pagtatanggol sa teritoryo ng bansa.



Isaisip

Mapalad ang Pilipinas dahil nabiyayaan ito ng masaganang likas na yaman. Malaki ang ating pakinabang sa ating teritoryo dahil lahat ng ating pangangailangan ay dito natin kinukuha. Maraming Pilipino ang umaasa sa mga likas na yaman, maging ang pamamasyal at paglilibang.

Ang ating teritoryo ay kailangang ipagtanggol panloob man o panlabas, laban sa anumang banta ng paglusob at panganib. Ang Sandatahang Lakas ng Pilipinas O Armed Forces of the Philippines sa tulong ng mga sangay nito ay may tungkuling tiyakin ang ganap na kapangyarihan ng bansa.

May iba pang ahensiya ng pamahalaan na inaasahang tutulong upang bantayan at pangalagaan ang ating teritoryo. Ilan sa mga ito ay ang DENR, DOJ, DILG, DFA, DND at PNP.



Isagawa

Gumawa ng isang poster na nagpapakita ng ahensiya gobyerno na nais mong salihan paglaki mo. Ipakita rin sa poster ang dahilan kung bakit mo ito pinili. Gamitin ang rubrics bilang gabay sa gawain. Gawin mo ito sa sagutang papel.


PAMANTAYAN	NAPAKAHUSAY 12-15 PUNTOS	MAHUSAY 8-11 PUNTOS	KAILANGAN PANG MAGSANAY 5-7 PUNTOS
PAGLALAHAD	Malinaw na nailahad ang mensahe.	Hindi gaanong malinaw ang mensahe.	Malabo ang mensahe.
KAWASTUAN	Wasto ang detalye ng mensahe.	May isa o dalawang mali ang detalye ng mensahe.	Mali ang mensahe.
KOMPLETO	Kompleto ang detalye ng mensahe.	May kulang sa detalye ng mensahe.	Maraming kulang sa detalye ng mensahe.
PAGKAKAGAWA	Napakamasining ng pagkakagawa.	Masining ang pagkakagawa.	Magulo ang pagkakagawa.
HIKAYAT	Lubhang nakahihikayat ang mensahe.	Nakahihikayat ang mensahe.	Hindi nakakahikayat ang mensahe.



Tayahin

Panuto: Gamit ang graphic organizer na *Fish Bone* isulat ang mga ahensiya ng pamahalaan at ang tungkulin nito sa pangangalaga ng ating teritoryo. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel.

Mga Ahensiya ng Pamahalaan



Ang kanilang mga tungkulin



Karagdagang Gawain

Panuto: Isulat ang iyong nalalaman tungkol sa sumusunod na mga ahensiya ng pamahalaan. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel.

DILG _____

DND _____

DFA _____

DENR _____

DOJ _____



Susi sa Pagwawasto

Unang Bahagi

<p>Subukin</p> <p>1. h 2. j 3. i 4. d 5. e 6. f 7. c 8. b 9. g 10. a</p>	<p>Pagymamanin</p> <p>soberanya ay ang tawag sa pinakamataas na kapangyarihan ng estado na mag-utos at pasunurin ang mga nasasakupan nito.</p> <p>Panloob na soberanya ay tumutukoy sa kapangyarihan ng estadong magpasunod sa lahat ng teritoryong nasasakupan nito.</p> <p>Panlabas na soberanya ay tumutukoy sa kalayaan ng estadong itaguyod at sundin ang gawain nito na hindi pinakikialaman ng ibang bansa.</p>	<p>Tayahin</p> <p>1. c 2. b 3. d 4. e 5. a</p>
---	---	---

Ikalawang Bahagi

<p>Subukin</p> <p>Narra Mahogany Abaka Manila manok</p>	<p>Balikan</p> <p>1.A 2.B 3.D 4.A 5.C</p>	<p>Pagymamanin</p> <p>B D A C 5.E</p>	<p>Tayahin</p>
--	--	--	-----------------------

Sanggunian

Michael DC. Rama* Florencia c. Domingo, Ph. D.* Jennifer G. Rama* Jayson A. Cruz,
pilipinas Isang Sulyap at Pagyakap, araling Panlipunan 1, Batayang Aklat,
226-247

Ailene G. Baisa-Julian and Nestor S. Lontoc, *Bagong Lakbay ng
Lahing Pilipino, Batayang Aklat sa Ika-anim na Baitang
Quezon City: Phoenix Publishing House Inc.,2016, 195-201,
231-271*

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Kagawaran ng Edukasyon –Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex,
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (02) 634-1072; 634-1054 o 631-4985

E-mail Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph